



BAYBAYIN

Paglalayag sa Wika at Pagbasa

Batayang Kagamitang Pampagtuturo

Maria Wevenia Ricohermoso

May-akda/Koordineytor



Published & Distributed by

REX Book Store

856 Nicanor Reyes, Sr. St.

Tel. Nos. 736-05-67 • 735-13-64

1977 C.M. Recto Avenue

Tel. Nos. 735-55-27 • 735-55-34

Manila, Philippines

www.rexpublishing.com.ph





Karapatang-ari sa Pilipinas 2015
Rex Book Store, Inc.

RBS Serye sa Filipino

Bulilit Baybayin: Paglalayag sa Wika at Pagbasa 1

ISBN 978-971-23-7015-1

Klasipikasyon: Batayang Kagamitang Pampagtuturo (52-FI-00068-0)

Inilathala na may karapatang-ari 2015 at ipinamahagi ng **Rex Book Store, Inc. (RBSI)** na may punong tanggapan sa 856 Nicanor Reyes Sr. St., Sampaloc, Manila / Tel. Blg.: 735-1364, 736-0567

Mga Sangay ng RBSI:

LUZON

•**MORAYTA:** 856 N. Reyes Sr. St., Sampaloc, Manila / Tel. Nos.: 736-0169, 733-6746; Telefax: 736-4191 •**RECTO:** 2161-65 Freedom Building, C.M. Recto Avenue, Sampaloc, Manila / Tel. Nos.: 522-4521, 522-4305, 522-4107, 733-8637 •**RECTO (La Consolacion):** Mendiola, Manila • **MAKATI:** Unit UG-2, Star Centrum Bldg., Sen. Gil Puyat Ave., Makati City / Tel. No.: 818-5363; Telefax: 893-3744 •**ROCKWELL:** 1st Floor, Ateneo Professional School, Rockwell Center, Bel-Air, Makati City / Tel. No.: 729-2015 •**CUBAO:** Unit 10 UGF, Doña Consolacion Bldg., Gen. Santos Ave., Araneta Center, Cubao, Quezon City / Telefax: 911-1070 •**ORTIGAS:** G/F East Tower, Philippine Stock Exchange Center, Exchange Road, Ortigas Center, Pasig City / Tel. No.: (02) 650-4347 •**CAVITE:** Block 4, Lot 20 Don Gregorio Heights 2, Zone 1-A Aguinaldo Highway, Dasmariñas, Cavite / Telefax: (046) 416-1824 •**CAVITE (Tanza):** (Display Area) Block 5, Lot 6, City View 4 and 5, Brgy. Tanauan, Tanza, Cavite •**NAGA:** 1-1A Geronimo Bldg., Barlin St., Sta. Cruz, Naga City, Camarines Sur / Telefax: (054) 811-6878 •**LEGAZPI:** Unit 6, 3rd Floor, A. Bichara Silverscreen, Legazpi City, Albay / Telefax: (052) 480-2244 •**CALAPAN:** Brgy. Salong, National Highway, Calapan City, Oriental Mindoro / Telefax: (043) 288-1650 •**BATANES:** L. Lopez St., Kayvalugan, Basco, Batanes •**TUGUEGARAO:** 10 Arellano Ext., Brgy. Ugac Sur, Tuguegarao, Cagayan / Telefax: (078) 844-8072 •**CABANATUAN:** Fontelera Building, 1271 Del Pilar Ext., Sangitan East, Cabanatuan City, Nueva Ecija / Tel. No.: (044) 464-2151; Telefax: (044) 600-5684 •**URDANETA:** Zone 6, Pinmaludpod, Urdaneta City, Pangasinan / Telefax: (075) 568-3975 •**ANGELES:** Unit H, JMS Bldg., MacArthur Highway, Brgy. Salapungan, Angeles City, Pampanga / Telefax: (045) 887-5371 • **BAGUIO:** Rex Hall Student Residences, Upper Gen. Luna cor. A. Bonifacio St., Baguio City, Benguet / Tel. No.: (074) 422-0574

VISAYAS

•**TACLOBAN:** Brgy. 74 Marasbaras, Tacloban City, Leyte / Tel. No.: (053) 323-8976; Telefax: (053) 523-1784 •**ILOILO:** 75 Lopez Jaena St., Brgy. San Isidro, Jaro, Iloilo City, Iloilo / Tel. No.: (033) 329-0332; Telefax: (033) 329-0336 •**BACOLOD:** 28 Brgy. 36, Purok Immaculada, Quezon Ave., Bacolod City, Negros Occidental •**CEBU:** 11 Sanciangko St., Cebu City / Tel. Nos.: (032) 416-9684, 254-6773, 505-4313; Telefax: (032) 254-6466

MINDANAO

•**CAGAYAN DE ORO:** J. Serifa St. cor. Vamenta Blvd., Carmen, Cagayan de Oro City, Misamis Oriental / Telefax: (088) 858-6775, 309-5881 •**DAVAO:** 156 C.M. Recto St., Davao City, Davao / Tel. Nos.: (082) 300-5422, 305-5772; Telefax: (082) 221-0272 •**GENERAL SANTOS:** Aparente St., Dadiangas Heights, General Santos City, South Cotabato / Telefax: (083) 554-7102 • **ZAMBOANGA:** San Francisco Loop, Mayor Agan Ave., Camino Nuevo B, Zamboanga City / Tel. No.: (062) 955-0887

www.rexpublishing.com.ph

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o i-*recopy* sa mga aklat, polyeto, balangkas, o sulatin—maging ito ay palimbag, mimyograp, makiniyado, kopyang panlarawan, o sa anumang porma—para ipamahagi o ipagbili nang walang pahintulot ng Tagapaglimbag at ng/ng mga May-akda. Ang lalabag ay ipagsasakdal sang-ayon sa batas sa karapatang-ari, tatak-pangkakalal, patente, at iba pang kaugnay na batas.

Hindi Pag-Angkin sa mga Link

Walang sagutin ang **REX PUBLISHING** sa kawastuhan, legalidad, o nilalaman ng mga eksternal na *website* at mga *link*. Tinukoy lamang ang mga *link* na ito upang mapagaan ang pagkuha ng mga kinakailangang impormasyon. Bagama't natiyak ang kaayusan nito sa petsa ng publikasyon, hindi sinisiguro ng tagalathala na gumagana ito sa lahat ng pagkakataon at wala rin itong kontrol sa kung kailan maaaring magamit ang mga *link*.

Higit pa rito, hindi rin magagarantiyahan ng tagalathala na ang mga *website* at *server* na ito ay mananatiling walang *virus* o iba pang mga hindi katanggap-tanggap na bahagi. Hindi rin magagarantiyahan at walang representasyon ang **REX PUBLISHING** sa usapin ng kawastuhan, katumpakan, pagiging napapanahon, maaasahan, o kabaliktaran ng mga ito, sa paggamit o resulta ng paggamit ng mga materyal na nakapaloob sa mga *website*.

RBSI's Book Association Memberships: Philippine Booksellers Association, Inc. (PBAI); Book Development Association of the Philippines (BDAP); Philippine Educational Publishers Association (PEPA); Book Exporters Association of the Philippines (BEAP); Academic Booksellers Association of the Philippines (ABAP); Children's Literature Association of the Philippines, Inc. (CLAPI); Asian Publishers Resources Center (APRC)

PEPA's International Book Association Memberships: International Publishers Association (IPA); Asia Pacific Publishers Association (APPA); ASEAN Book Publishers Association (ABPA); Philippine Book Publishing Development Federation (Philbook)

Printed by  **REX PRINTING COMPANY, INC.**

84-86 P. Florentino St., Sta. Mesa Heights, Quezon City / Tel. No.: 857-7777

YUNIT I

AKO AT ANG AKING SARILI

Sa yunit na ito, tatalakayin ang kahandahan ng mga mag-aaral sa kanilang pakikitungo sa pagsisimula ng kanilang pagpasok bilang mag-aaral sa Unang Baitang. Sa pagtalakay sa panitikan, nahahasa ang kakayahang umunawa sa mga kuwentong larawan, pagkukuwento at pag-unawa sa diyalogo. Sa wika, magkakaroon ng kasanayan sa pagkilala at pagsulat ng alpabeto, pagbaybay gamit ang patinig at katinig, paraan ng pagpapantig, at pagkilala sa mga kambal-katinig at diptonggo. Upang lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang mga nabanggit ng paksa, gagamit ng LCD, *audio-biswal*, at mga makukulay na papel bilang kagamitang panturo.

A. Akdang Babasahin

1. Handa na Ako!
2. Babala sa Daan
3. Mga Tanong ng Guwardiya
4. Si Pulong Walang Pakisama

B. Pokus ng Nilalaman

1. Alpabeto
2. Patinig at Katinig
3. Kambal-katinig
4. Diptonggo
5. Patinig

Panitikan

1. Kuwentong larawan
2. Diyalogo
3. Maikling kuwento

Kultura

1. Daig ng maagap ang taong masipag
2. Pagiging masunurin ng batang Pilipino
3. Pagpapakilala sa sarili
4. Pakikisama

Pagganap

1. Presentasyon tungkol sa gawain ng batang maagap
2. Presentasyon tungkol sa hindi pagsunod sa batas trapiko
3. Puno ng paborito
4. Ayusan ang kaibigan

C. Pamantayan sa Pagganap

Naipakikita ang kakayahang bumasa at umunawa ng mga simbolo at maiikling salita sa pamamagitan ng pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, damdamin, at reaksyon kaugnay nito.

D. Lagumang Pagtataya

Magbigay ng pagsusulit na may dalawampung (20) aytem. Nakadiseno ang pagsusulit sa pamantayang KPUP.

E. Iba pang Ebidensya

1. Resitasyon
2. Sariling pagtataya
3. Maikling pagsusulit
4. Madulang pagbasa
5. Pagguhit

Aralin 1: HANDA NA AKO!

Genre/Akdang Pampanitikan: Kuwentong Larawan

Kultura: Pagiging Maagap

Bilang ng Sesyon: 2

I. Abot-tanaw

1. Matutong ihanda ang sarili tungo sa eskwela
2. Matutuhan ang kahalagahan ng pagiging maagap
3. Maging mahusay sa pagbasa ng mga letra sa alpabeto

II. Balik-tanaw

1. Maghanda ng mga larawang nagpapakita ng mga gawain ng isang bata bago pumasok sa eskuwela. Maaaring kopyahin ang mga gawain sa workteks.
2. Idikit ang mga larawan o itayo pasandal sa *blackboard*. Tiyaking maaabot ng mga mag-aaral ang mga nakadikit na larawan.
3. Tumawag ng ilang mag-aaral para ayusin ang mga larawan ayon sa pagkakasunod ng mga ginagawa nila bago pumasok sa paaralan.

Pagproseso:

Asahang iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral. Asahan din na may mga mag-aaral na magsasabing hindi nila ginagawa ang mga gawain. Ipaliwanag sa kanila ang kahalagahan ng paghahanda sa sarili bago pumasok sa paaralan. Sabihin sa kanila na maaari silang magpatulong sa mga magulang, kapatid, at iba pang kasama sa bahay para matutuhan nila ang mga gawain.

III. Pagtanaw

Gamitin ang *Slide presentation 1* sa bahaging ito.

Unahing ipakita sa mga mag-aaral ang mga larawang kasama sa kuwento. Tanungin muna sila kung nakikilala nila ang mga

Mahalagang Tanong:

Bakit kailangang maging maagap ang batang tulad mo?

Mahalagang Pag-unawa

Mahalagang maging maagap para masulit ang oras.



Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Objectives** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Pagganap:

Ang Batang Maagap

- Iba't ibang presentasyon tungkol sa gawain ng isang batang maagap

Mga Batayang

Kasanayan:

Gramatika:

Ang mga letra sa alpabeto

Pakikinig:

Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula

Pagsasalita:

Nakapagtatanong tungkol sa isang larawan

larawang ito. Kailangan munang magkasundo ang klase kung ano ang itatawag sa mga larawan. Sabihin sa kanila na babanggitin nila ang napagkasunduang tawag sa larawan tuwing makikita nila ito sa *slide presentation*.

Praktisin muna ulit ang mga mag-aaral. Ipakita ulit sa kanila ang mga larawan at tiyaking nakasabay ang lahat sa pagsasabi kung ano ang tawag sa larawang ipinakilala.

Basahin nang malakas ang kuwentong larawang “Handa Na Ako!” Huminto sa mga bahaging may larawan. Hayaan ang mga mag-aaral na magsabi kung ano ang tawag sa larawan kapag dumating na sa bahaging ito.

Gawin nang dalawang beses ang pagbabasa ng kuwentong larawan sa Pagtanaw.

IV. Baybayan

Pagkilala sa mga larawang ginagamit sa paghahanda.

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na magandang nakikilala nila ang mga gamit na nakikita nila at nalalaman kung saan ito ginagamit. Dahil dito, malalaman nila kung ano ang mga gamit na puwedeng makatulong sa kanila sa paghahanda ng kanilang sarili.

Tanungin kung sino sa mga mag-aaral ang nakakikilala ng mga larawan sa batayang aklat. Matapos kilalanin, tanungin ang batang sumagot kung saan ginagamit ang bagay na ito. Tanungin ang iba pang mag-aaral kung kapareho ng sa kklase nila ang kanilang sagot.

Balikan ang kuwentong-larawang binasa. Itanong sa mga mag-aaral kung paano nakatulong kay Rexie ang mga bagay sa larawan.

Karagdagang tanong:

- Ginamit ba nang tama ni Rexie ang mga gamit sa larawan?
- Ano kaya ang mangyayari sa kanya kung hindi niya na nakilala ang mga gamit at hindi niya alam kung paano ito gagamitin?

V. Pagpalaot

Ibalik muna ang atensyon ng mga mag-aaral sa larawang kuwentong binasa sa pamamagitan ng *random* na pagtatanong:

- Nagustuhan ba ninyo ang kuwentong “Handa na Ako!”?
- Sino nga ang bata sa kuwento?
- Mabait na bata ba si Rexie?

Saka pasagutan ang mga tanong sa batayang aklat.

Pagproseso sa sagot:

1. Maaaring may pagkakaiba sa sagot ng mga mag-aaral. Tanggapin ang lahat ng sagot pero laging ikonekta ang sagot sa pagiging handa ng isang bata para sa eskwela. Ipaalala sa mga mag-aaral na ngayong nasa unang baitang na sila, kailangan na nilang matutong ihanda ang kanilang mga sarili.

Pagbasa:

Nasasabi ang mensaheng nais ipabatid ng nabasang pananda, patalastas, babala, o paalala

Pagsulat:

Nakasusulat nang may tamang laki at layo sa isa’t isa ang mga letra

Nakasusulat ng malalaki at maliliit na letra

Ika-21 Siglong

Kasanayan:


1. Kritikal na pag-iisip
2. Kolaborasyon at komunikasyon
3. Kakayahang makapagbigay solusyon sa problema
4. Pagkilala sa mensaheng biswal

Mga Kailangang

Kagamitan:

1. Larawan ng iba’t ibang uri ng bagay na nagsisimula sa titik ng alpabeto
2. Awiting Ako at Ikaw
3. Patalastas
4. Telebisyon
5. Radyo
6. Aklat na Ibong Adarna: Ang Batang Masikap ni Genaro Gojo-Cruz
7. Mga aktuwal na halimbawa ng mga bagay pandikit

2. Kung may pagkakamali sa sagot ng mag-aaral, balikan ng buong klase ang daloy ng pangyayari sa kuwentong binasa. Maaaring gamitin ang sumusunod na estilo:"



Pero bago iyon...

(Isingit ang pangyayaring nakaligtaan ng mga mag-aaral)

Pero bago iyon...

(Isingit ang pangyayaring nakaligtaan ng mga mag-aaral)

Sabihin ang unang pangyayari sa kuwento (o anumang bahagi ng kuwento na gustong balikan)

Tapos...

(Hayaan ang mga mag-aaral na magsabi ng kasunod na pangyayari)

Tapos...

(Hayaan ang mga mag-aaral na magsabi ng kasunod na pangyayari)

Gawin ito hanggang mabuo ang kuwento o bahagi ng kuwentong gustong balikan.

3. Sabihin sa mga mag-aaral na maganda kung alam na nila ang mga dapat nilang gawin bago pumasok sa paaralan para alam na nila ang uunahing gawin pagkagising nila.

VI. Lambat-wika

Gramatika: Pagsusunod-sunod ng mga letra sa alpabeto

A. Sabayan ang mga mag-aaral sa pagkanta ng alpabetong Filipino. Iparinig sa kanila ang tamang bigkas ng mga letra. Pagkatapos ng pagkanta, bigkasin nang malakas ang mga letrang hindi nabigkas nang mabuti ng mga mag-aaral. Ipaulit sa lahat ang binigkas mong letra.

Kantahing muli ang Alpabetong Filipino

1. Ipatukoy sa mga mag-aaral ang unang letra ng mga salita at larawan sa batayang aklat. Tumawag ng ilang mag-aaral para magsabi ng mga sumusunod:

- Ilang letrang sumusunod sa letrang tinukoy ayon sa pagkakasunod sa alpabeto
 - Ilang letra bago ang tinukoy na letra ayon sa pagkakasunod sa alpabeto.
2. Tumawag ng ilang mag-aaral na magsusunod ng mga larawan ayon sa pagkakaayos ng mga unang letra nito sa alpabeto.

Pakikinig: Pagsagot sa mga tanong tungkol sa pabula

Basahin nang malakas at may angkop na damdamin ang pabulang “Ahantukin.”

Makatutulong kung gagamit ng mga angkop na *props* sa pagkukuwento.

Ahantukin

Noong unang panahon, isa sa pinakasikat na hayop sa Animalandia si Aha, isang ahas. Napakagandang sumayaw ng malambot niyang katawan. Magaling siyang umawit at bumigkas ng mga tula at talumpati dahil sa espesyal na katangian ng kanyang dila. Magaling din siyang lumangoy at umakyat sa mga puno. Higit sa lahat, napakaganda ng makinis at madulas niyang balat kaya lalo siyang kinagigiliwan ng marami.

Pero may isang kapintasan si Aha. Mahilig siyang mamasyal kapag gabi kaya lagi siyang inaantok kapag umaga. Madalas siyang makikitang nakapulupot sa isang sulok at naghihilik. Sshhh.....ssshhhhh...tunog ng hilik ni Aha. Madalas din niyang subukang magtago kapag natutulog siya. Nagagawa niyang halos iparehas ang kulay ng kanyang balat sa kulay ng paligid. Pero dahil sa kanyang hilik... ssshhhhhh.....ssshhhhhh...nakikita din siya ng ibang mga hayop.

Isang espesyal na araw sa Animalandia, hiniling ng ibang mga hayop na sumayaw at kumanta si Aha. Agad naman itong pumayag. Pero hindi lang pagsayaw at pagkanta ang gusto niyang gawin.

Tutula rin daw siya at magtatalumpati. Mangunguna rin daw siya sa paligsahan sa paglangoy at pag-akyat sa mga puno. Pangungunahan din daw niya ang programang magtuturo sa ibang hayop na mapaganda ang kanilang mga kutis.

Tuwang-tuwa naman ang mga kasama niyang hayop sa pagpiprisinta ni Aha na gawin ang lahat ng iyon.

“Maaari bang ikaw na ang manguna sa espesyal na araw na ito ng ating lugar, Aha?” tanong ng kinatawan ng Animalandia.

“Aba, oo naman po. Ako na rin ang magiging tagapagpadaloy ng programa dahil ako naman ang pinakamagaling magsalita sa lahat ng hayop dito,” nagmamalaking sagot ni Aha.

Nang dumating ang espesyal na araw, maagang nagising at naghanda ang lahat. Maaga pa ay nasa plasa na ang Haring Leon, Reynang Tigre, at iba pang pinunong hayop. Nandoon na rin ang makapangyarihang Adarna at misteryosong kuwago. Nandoon na rin ang halos lahat ng hayop sa Animalandia. Pero may isang nawawala, ang pinakaimportanteng hayop sa araw na iyon. Ang hayop na hinihintay ng lahat, si Aha.

“Naku, nakita ko si Aha, nakapulupot sa bahay niya, naghihilik,” agad na balita ni Lawin nang ito ay dumating.

Ipinasundo ni Haring Leon si Aha sa pinakamabilis niyang alagad, si Alamid. Pero natagalang gumising si Aha. Natagalan din siyang mag-ayos. Dahil sa kanyang pagmamadali ay marami siyang nagawang mali kaya lalo siyang natagalang makarating sa plasa.

Galit na ang lahat ng hayop nang makarating siya sa plasa. Wala ng gustong makinig at manood sa kanya. Hiniling ng Haring Leon sa Adarna na parusahan si Aha. Kaya si Aha ngayon, tulog man o hindi ay lagi nang naghihilik. Ito rin ang madalas maging dahilan kung bakit madali siyang makita at mahuli ng mga naghahanap sa kanya.

Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa pabula.

Ituon ang pagtalakay sa kahalagahan ng maagang paghahanda para sa mga gawain.

Pagsasalita: Pagtanong tungkol sa larawan

Tukuyin muna ng klase kung ano ang mga nasa larawan.

Bigyan ng oras ang mga mag-aaral na makapagtanong sa mga kaklase kung ginagawa ng mga ito ang mga nasa larawan.

Tumawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot sa gawain sa batayang aklat.

Pagbasa: Pagsabi ng mensahe ng babala

Hatiin ang mga mag-aaral sa apat na grupo.

Bigyan sila ng oras para talakayin sa kanilang grupo ang kahulugan ng mga karatula sa gawain. Tumawag ng tagapagbahagi ng sagot ng grupo.

Pagsulat: Pagsulat ng mga letra sa alpabeto

Maghanda ng mga larawan ng mga bagay, o totoong bagay, na ginagamit ng isang bata sa kanilang bahay. Tanungin sa mga mag-aaral kung ano ang tawag sa bagay na ipakikita mo. Ipatukoy at ipasulat sa kanila ang unang letra ng pangalan ng mga bagay na ipakikita mo.

Pag-angkla:

Isagawa ang gawain na tila naglalaro lamang. Siguruhing matatawag ang lahat ng mag-aaral para magbahagi ng kanilang sagot. Layunin ng gawain na ito na masigurong nakikilala na ng mga mag-aaral ang tunog ng mga letra sa alpabeto. Makabubuti kung maghahanda ng mga salitang nagsisimula sa iba't ibang letra.

Para sa mga mag-aaral na hindi makasasagot nang tama, o maraming pagkakamali, maghanda ng gawain para *i-review* ang tunog ng mga letra sa alpabeto pagkatapos ay pag-isipin ang mga mag-aaral ng mga salitang nagsisimula sa bawat letra sa alpabeto.

VII. Lambat-panitik

1. Tanungin ang mga mag-aaral kung nagustuhan nila ang larawang-kuwentong "Handa na Ako." Ipaiba-iba ang mga katangian nitong nagustuhan nila.
2. Dalhin ang talakayan sa kahalagahan ng ilustrasyon sa kuwento.
3. Ipalawanag kung ano ang kuwentong-larawan.
4. Ipasulat sa mga bata ang pamagat ng iba pang kuwentong-larawang nabasa na nila.


VIII. Baybay-kultura

1. Tanungin ang ilang mag-aaral kung paano naghanda para sa unang araw ng eskwela.
Bigyang pansin ang sumusunod na mga kasagutan:
 - Maagang natulog ng sinundang gabi
 - Maagang nagising
 - Hindi na nanood ng TV kagabi
 - Inihanda na ang gamit kagabi pa
 - Iba pang may kinalaman sa maagang paghahanda
2. Ipakilala sa klase ang kasabihang "Daig ng maagap ang taong masipag."

IX. Lambat-likha

1. Hatiin ang klase sa mga grupo na may tig-aapat hanggang limang miyembro. Papiliin ang bawat grupo sa tatlong gawain:
 - Listahan ng mga gawain
 - Ang dapat gawin
 - Larawan ng batang maagap
2. Bigyan ng panahon ang bawat grupo na isagawa ang proyekto. Ipaalala sa kanila na maghandang ibahagi ang kanilang ginawa sa klase.
3. Pagkatapos ng lahat ng presentasyon, sabihin sa bawat grupo na bigyan nila ng grado ang kanilang ginawa. Maaari ring gamitin ang kaparehong *rubric* sa pagbibigay ng grado sa mga mag-aaral.

Mga Rubric

Kung bibigyan ang grupo ninyo ng karagdagang araw bilang premyo sa inyong ginawa, ilang araw ang ibibigay ninyo sa inyong grupo? 

Iguhit ito sa tapat ng gawain.

- Tatlo (3) kung naisagawa ninyo ang gawain
- Dalawa (2) kung nagkamali kayo sa ilang bahagi ng gawain
- Isa (1) kung hindi ninyo naisagawa ang gawain

Listahan ng mga Gawain

Nailista namin sa Talaan ng mga Gawain ang lahat ng dapat naming gawain sa loob ng isang linggo.	
Gumamit kami ng mga tamang larawan para sa mga gawain.	
Inuna naming ilista ang mga importanteng gawain.	

Mga Dapat Gawain

Nailista namin ang lahat ng dapat gawain para makagising nang maaga ang mga batang tulad namin.	
Nakaisip kami ng sitwasyong magpapakita ng dapat gawain para makagising nang maaga ang mga batang tulad namin.	
Naisadula namin nang maayos ang sitwasyong aming naisip.	

Larawan ng batang maagap

Nailista namin ang mga katangian ng isang batang maagap.	
Naiguhit namin ang larawan ng isang batang maagap ayon sa mga katangiang inilista namin.	
Malinis at malinaw ang aming larawan.	

X. Baybay-nilay

1. Bigyan muna ng oras ang mga mag-aaral na sagutan ang talahanayan.
2. Isa-isang talakayin ang bawat larawan:

Para sa unang larawan – Ipaliwanag ang kahalagahan ng tamang oras ng paggising. Magbigay ng ilang sitwasyong maaaring mangyari kung hindi gumising sa tamang oras ang isang mag-aaral.

Para sa ikalawang larawan – Ipaliwanag sa mga bata kung bakit kailangang itabi muna ang ibang mga gamit at mga laruan bago magsimula ng panibagong gawain, o laro, tulad ng panonood ng TV. Magbigay rin ng ilang posibleng mangyari kung basta na lang iiwan ang mga gamit at laruan kapag nasawa na dito at nakaisip na ng ibang gawain.

Para sa ikatlong larawan – Bigyang-diin ang kahalagahan ng pagtulong sa pamilya. Ipaliwanag sa mga bata na kahit bata pa sila ay may puwede na silang itulong sa kanilang pamilya.

Para sa ikaapat na larawan – Ipaliwanag sa mga bata ang kahalagahan ng pagiging malinis at maayos. Sabihin sa kanila na dapat nila itong paglaanan ng panahon.

XI. Pagdaong

Pipiliin ng mga mag-aaral ang larawang angkop sa kanila. Bawat larawan ay nagpapakita ng kasanayang dapat matutuhan sa araling ito.

Kung ang sagot sa una at pangalawang aytem ay ang ikalawa o ikatlong larawan, ipa-*review* sa mga mag-aaral ang alpabeto.

Kung ang sagot sa pangatlong aytem ay ang ikalawa o ikatlong larawan, maghanda ng gawaing higit pang magpapakilala sa mga mag-aaral ng mga gamit sa bahay. Maghanda din ng *video* mula sa *Internet* magturo/magpaalala sa mga mag-aaral ng kahalagahan ng pagiging maagap at mabuting pagpapalano ng oras. Ipapanood ito sa mga mag-aaral na sumagot ng ikatlong larawan sa pang-apat at panglimang aytem.

Mga Sagot sa Pagsasanay

Baybayan:

1. Larawan 2
2. Larawan 4
3. Larawan 1
4. Larawan 5
5. Larawan 3

Pagpalaot:

1. Mga posibleng sagot:
Paghahanda ni Rexie para sa eskwela
Pagtulong ng pamilya ni Rexie sa kanyang paghahanda
2. 1. unang larawan
2. ikalawang larawan
3. ikatlong larawan
4. ikaapat na larawan
5. ikalimang larawan
6. ikaanim na larawan
7. ikapitong larawan
3. Mga posibleng sagot
Nag-aayos ng gamit sa eskwela
Naliligo
Nagsusuot ng uniporme
Tumutulong sa paghahanda ng baon
Nagpapatulong sa pagsusuot ng sapatos
Naliligo mag-isa

Gramatika:

1. Baso
2. Ilaw
3. Kumot
4. Mesa
5. Orasan
6. Pinggan
7. Sabon
8. Timba
9. Unan
10. Walis

Pakikinig:

1. Aha
2. Lagi siyang inaantok

3. Hindi siya natutulog nang maaga
4. Nagalit sa kanya ang ibang hayop
5. Mga posibleng sagot:
Dapat na siyang matulog sa tamang oras
Dapat na siyang maging disiplinado

Pagsasalita:

1. gumigising, (pangalang pinili ng mag-aaral)
2. pangalang pinili ng kamag-aral
3. naliligo, (pangalang pinili ng mag-aaral)
4. (pangalang pinili ng mag-aaral), uniporme
5. kumakain, (pangalang pinili ng mag-aaral)

Pagbasa:

1. Gumising at bumangon
2. Patayin ang gripo
3. Mag-ingat sa koryente
Huwag hawakan
4. Huwag tumapak sa basa
Magdahan-dahan para hindi madulas

Aralin 2: BABALA SA DAAN

Genre/Akdang Pampanitikan: Diyologo

Kultura: Pagiging Masunurin

Bilang ng Sesyon: 2

I. Abot-tanaw

1. Makilala ang mga babala sa daan
2. Malaman ang dapat gawin bilang tugon sa mga makikita at maririnig na babala
3. Matutuhan ang kultura ng pagsunod sa mga babala
4. Maalala ang mga patinig at katinig
5. Makilala ang diyologo

II. Balik-tanaw

1. Ipakuwento sa ilang mag-aaral kung saan nila nakita ang mga babalang pantrapiko sa batayang aklat. Ipakuwento rin kung ano ang kanilang ginawa nang makita nila ang mga nasa larawan.
2. Sabihin sa mga mag-aaral na ang mga nasa larawan ay ilan lamang sa mga babala sa daan na dapat nilang matutuhan.

Mahalagang Tanong:

Para saan ang mga babala sa daan?

Mahalagang Pag-unawa:

Mga babala ay kilalanin, Ito'y iyong sundin. Kaligtasan ay siguruhin

Pagganap:

Presentasyon tungkol sa hindi pagsunod ng mga tao sa babalang pantrapiko

Mga Batayang Kasanayan:

Gramatika:

Katinig at patinig

Pakikinig:

Naisasakilos ang napakinggang awit

Sabihin na huwag silang mag-alala kung hindi pa nila ito nakikilala o hindi pa nila nalalaman ang dapat gawin kapag nakita o narinig ang mga ito. Ituturo sa kanila ng susunod na diyalogo ang mga dapat nilang malaman.

III. Pagtanaw


1. Ihanda ang sumusunod:

Larawan ng: *pedestrian lane, traffic light, stop sign ng traffic enforcer, traffic enforcer, pito, arrow*

Record ng busina ng jeep

Maaari ring gamitin ang *Slide presentation 2* para sa gawaing ito.

2. Basahin ang diyalogo nang may angkop na pagbabago ng tinig: pambata at pang tatay.
3. Saglit na huminto sa mga bahaging kailangang ipakita o iparinig ang mga babala. Tanungin muna ang mga mag-aaral kung ano ang gagawin nila kung sila ang nasa sitwasyon ng bata.



IV. Baybayan

Gamiting muli ang mga larawan at tunog na inihanda para sa pagbabahagi ng diyalogo.

Hatiin sa mas maliliit na grupo ang klase. Magpaparamihan ng paghula ang bawat grupo kung ano ang mensahe ng mga larawan at tunog na ipakikita at iparinig.

Ulitin nang makalawa hanggang tatlo ang pagpapakita ng isang babala sa bawat grupo para masigurong nalalaman talaga nila, at hindi lamang nila hinuhulaan ang sagot.

V. Pagpalaot

1. Batiin ang mga mag-aaral sa pagkakakilala nila sa mga babala at sa pagkatuto nila sa nararapat na gawin kapag nakita ito. Pumili ng isa o dalawang huling babala. Ipasagot sa buong klase kung ano ang dapat gawin kapag nakita o narinig ang babalang pinili. Itanong sa mga mag-aaral kung bakit o paano nila nasabi na iyon ang dapat gawin kapag nakita o narinig ang babala. Ang sagot at paliwanag ng mga mag-aaral ang magdadala sa talakayan pabalik sa diyalogong binasa.
2. Ipagpatuloy ang pagsagot sa mga tanong sa batayang aklat.
3. Kopyahin sa higit na malaking espasyo ang larawan sa kaparehong pahina. Maaaring i-scan na lamang ang larawan at ilagay sa *slide presentation* para sabayang makita ng lahat ng mag-aaral. I-project ito sa *whiteboard* o sa pisara kung saan maaaring magsulat o gumuhit ang mga mag-aaral.
4. Tumawag ng ilang mag-aaral na guguhit o susulat ng nawawalang simbolo sa larawan.
5. Tulungan na mag-isip ang mga mag-aaral kung ano ang

Pagsasalita:

Nabibigkas ang tunog ng mga letra

Nagagamit ang magalang na pananalita sa angkop na sitwasyon (tulad ng pagpapakilala ng sarili)



Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Objectives** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Pagbasa:

Natutukoy ang nais sabihin ng larawan

Nahuhulaan ang nilalaman ng aklat sa pabalat

Pagsulat:

Nakasusulat nang may wastong pakikinig ayon sa letrang bibigkasin

Ika-21 Siglong

Kasanayan:

1. Kritikal na pag-iisip
2. Kakayahang magbigay ng solusyon sa problema
3. Pagiging malikhain
4. Malinaw na pagpapahayag
5. Pakikipagtulungan sa iba
6. Pagkilala sa mga mensaheng biswal
7. Kakayahang iugnay ang aralin sa iba pang disiplina
8. Kakayahang maghanap at gumamit ng impormasyon
9. Kakayahang umunawa at gumamit ng midya
10. Paggamit ng makabagong teknolohiya

pupwedeng mangyari sa isang bata kapag hindi siya sumunod sa mga babala sa daan. Magbigay ng angkop na sitwasyon o kaukulang halimbawa.

VI. Lambat-wika

Gramatika: Pagtukoy sa patinig at katinig

1. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang natatandaan nila tungkol sa mga patinig at katinig. Isulat sa pisara ang lahat ng sagot.
2. Matapos ibigay ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral, isa-isa itong balikan. Bigyan ng dagdag na paliwanag ang mga tamang sagot. Itatama naman niya ang mga maling sagot.
3. Isa-isahin ang mga patinig pagkatapos ay ang mga katinig. Pasagutan sa mga mag-aaral ang gawain.

Pakikinig: Pagsasakilos sa napakinggang awit

1. Iparinig sa mga mag-aaral ang kantang “Munting Dyip.” Uliting iparinig ang kanta at imbitahan ang mga mag-aaral na sumabay sa pag-awit. Sabayan ang mga mag-aaral.
2. Kapag nasisiguro na kaya nang sumabay ng mga mag-aaral sa pagkanta, ang kilos naman ang ituro:
 - Papilahin ang tatlo hanggang limang mag-aaral muna.
 - Pumila sa una ng mga mag-aaral.
 - Ipalagay ang kamay ng mga mag-aaral sa balikat ng kaklaseng nasa harap nila. Para sa batang nasa likod mo sa beywang ito ipalagay.
 - Lumakad ka kasama ang mga mag-aaral nang mag-kakasunod at paikot sa silid habang kinakanta ng buong klase ang “Munting Dyip.”
 - Tapikin ang bawat mag-aaral na madadaanan para pahawakin ito sa huling kklase sa pila. Ipagpapatuloy ng klase ang pagkanta at pagpaikot-ikot sa silid hanggang sa ang lahat ng mag-aaral ay kasama na sa pila.

Pagsasalita: Pagbigkas sa tunog ng mga letra

1. Kopyahin sa higit na malaking espasyo ang larawan sa batayang aklat. Maaari din itong *i-scan* at ilagay sa *slide presentation*. Mahalagang sapat ang laki ng larawan para makita nang sabayan ng buong klase.
2. Isa-isang tawagin ang mga mag-aaral. Papiliin sila ng isang letra sa larawang inihanda. Atasan silang bigyan ng panuto ang letrang napili upang makarating ito nang ligtas sa kanyang pupuntahan.
 - Bigyang pansin ang sumusunod:
 - Pagkilala ng mga mag-aaral sa mga letra
 - Pagbigkas ng mga mag-aaral sa mga letra

Mga Kailangang Kagamitan:

1. Larawan o mga simbolong mga babala sa daan
2. *LCD / Computer / Audio*
3. *Animation:* Letrang tumatawid sa kalsada
4. Pangkulatory



Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Acquisition Strategies** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

- Pagkilala ng mga mag-aaral sa mga babala sa daan
- Kaalaman ng mga mag-aaral kung ano ang tama at maling gawin sa lansangan

Pag-angkla: Paggamit ng magalang na pananalita

1. Tanungin muna ang mga mag-aaral kung ano ang mga dapat tandaan ng isang bata kapag nakikipag-usap sa mas nakatatanda. Magbubukas ito ng talakayan tungkol sa paggalang.
2. Tanungin muli ang mga mag-aaral kung paano nila ipinakikita ang paggalang sa mas nakatatandang kausap:
3. Pumili o tumawag ng ilang pareha sa klase na gustong magsadula ng diyalogo nila Allan at ng Guwardiya sa batayang aklat.

Bigyang pansin ang paggamit ng po at opo.

Maghanda ng maikling kuwento na may kinalaman sa pagiging magalang at paggamit ng po at opo. Kung mapapansin na marami sa mga mag-aaral ang hindi marunong gumamit ng po at opo, magsagawa ng *story telling* gamit ang kuwentong inihanda. Ipruseso ang kuwento sa pamamagitan ng malayang talakayan.

Pagbasa: Pagtukoy sa ugnayang salita-larawan

1. Tumawag ng ilang mag-aaral na magpapakita ng kilos na nasa larawan. Tanungin ang iba pang mag-aaral kung ano ang mensahe ng kilos na ipinakita ng kanilang kaklase.
2. Maaaring magkaroon ng magkakaibang sagot ang mga mag-aaral lalo na pagdating sa damdaming ipinakikita ng mga larawan o kilos. Tiyakin lamang na naaayon pa rin sa larawan o kilos ang sagot ng mga mag-aaral.

Paghula sa nilalaman ng aklat base sa pabalat

1. Kopyahin muli sa higit na malaking espasyo ang larawan sabatayang aklat, o *i-scan* at ilagay sa *slide presentation*.
2. Tanungin muna ang mga mag-aaral kung ano ang masasabi sa larawan. Saka sabihin na ito ay pabalat ng isang libro. Ipatukoy sa mga mag-aaral pagkatapos ang mga impormasyong nakasulat sa pahina 33.

Pagsulat: Pagsulat ng mga letra sa alpabeto

1. Ipasulat sa mga mag-aaral ang mga letrang li, Ll, Tt, Ee, Ff, Hh, at Zz.
2. Banggitin ang tunog ng mga letra at hayaan ang mga mag-aaral na tukuyin ang letrang ito.
3. Bigyang pansin ang tamang paraan ng pagkakasulat ng mga letrang may tuwid na guhit.

VII. Lambat-panitik

Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang pagkakaiba ng mga tekstong “Babala sa Daan” at “Handa na Ako!”



Mayroong Instruksiyonal na Materyal Tungkol sa **Learning Evidences** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Asahan ang mga sagot na:

- Magkaiba ang tauhan (batang babae ang isa, batang lalaki, at isa pa)
- Magkaiba ang kuwento (tungkol sa paghahanda papasok ang isa, tungkol sa pagtungo sa eskwela ang isa)
- Mas maraming larawan ang isa kaysa sa isa.
- Iba ang pagkakasulat o pagkakaguhit ng “Babala sa Daan,” nakatapat ang sinasabi sa tauhang nagsasabi nito. (Kung sakaling hindi lumabas ang isang ito sa mga sagot ng mag-aaral, tulungan ang mga bata na mapansin ang katangiang ito.)

Ipakilala sa klase kung ano ang diyalogo.

VIII. Baybay-kultura

1. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang gagawin nila ngayong alam na nila ang ibig sabihin ng mga babala sa daan. Gabayan ang talakayan para mapunta sa sagot na susundin ng mga mag-aaral ang mga babala sa daan.
2. Pakulayan sa mga mag-aaral ang palad ng bata sa batayang aklat ayon sa reyalisasyon ng mag-aaral.
3. Sabayan ang mga mag-aaral na naglagay ng kulay berde sa kamay ng bata sa larawan na mangako na lagi silang susunod sa mga babala sa daan. Habang nakataas ang mga kanang kamay, sabay-sabay na sabihin ng mga mag-aaral at guro:

IPINAPANGAKO KO NA LAGI KONG SUSUNDIN ANG MGA BABALA SA DAAN.

IX. Lambat-likha

1. Papiliin ang bawat mag-aaral ng dalawa hanggang tatlong kagrupo. Sabihin sa kanilang piliin ang mga kaklase na nakatira sa kaparehong lugar, o malapit sa kanila.
2. Pipili ang mabubuong grupo ng isa sa dalawang gawain tungkol sa pagsunod at hindi pagsunod sa mga babalang pantrapiko sa kanilang lugar.
3. Ibilin sa mga mag-aaral na magpasama sa magulang o sinumang nakatatanda sa pag-oberba sa kanilang paligid.
4. Maghanda para sa presentasyon ng kanilang produkto ang bawat grupo. (Makikita ang *rubric* sa worteks.)

X. Baybay-nilay

1. I-download at ipanood sa klase ang *video* sa <https://www.youtube.com/watch?v=3A0B97wxKd8>.
2. Muling ipapanood ang *video* at ihinto sa mga bahaging nagpapakita ng sagot sa sumusunod:
 - Ano ang problemang ipinapakita sa *video*?
 - Bakit kaya may ganitong problema?
3. Pagkuwentuhin ang ilang mag-aaral ng kaugnay na sitwasyon o problema na nakikita niya sa kanilang lugar.



Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Evidences** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

4. Ipasagot sa mga mag-aaral ang gawain sa batayang aklat. Ipaalala sa kanila ang kahalagahan ng pagiging tapat sa kanilang kasagutan.

XI. Pagdaong

Kukulayan ng mag-aaral ng berde o pula ang *traffic light* ayon sa natutuhan niya sa araling ito.

Huwag kalimutan na sabihin sa mga mag-aaral na maging tapat sa kanilang sagot. Sabihin din sa kanila na ang pagsagot sa bahaging ito ay walang kinalaman sa kanilang grado.

Maghanda ang guro ng maikling lektur at pagsusulit para ipasagot sa mga mag-aaral na naglagay ng kulay pula sa una at ikalawang aytem.

Isang pasalitang pagsusulit naman ang ihanda para sa mga mag-aaral na kulay pula ang ginamit sa ikatlo at ikaapat na aytem. Maaaring gawing pandalawahan ang pagsusulit. Ipareha ang mag-aaral na gumamit ng kulay berde sa mag-aaral na gumamit ng kulay pula sa mga aytem.

Mga Sagot sa Pagsasanay

Baybayan:


1. BAWAL BUMUSINA!
2. HUMINTO ANG SASAKYAN!
3. HUWAG TUMAWID
4. TAMANG TAWIRAN
5. DITO ANG DAAN

Pagpalaot:

1. B

Pag-iingat

- 2.



3. Mga posibleng sagot:
Para hindi mapahamak
Para ligtas na makarating sa patutunguhan
Para hindi makaabala sa iba
Para maging maayos ang daan



Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Evidences** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Gramatika:

1. T(A)W(I)R(A)N
2. B(A)B(A)A(N)
3. S(A)K(A)Y(A)N
4. B(A)W(A)L
5. H(I)N(T)O

Pagbigkas/Pagsasalita:

Magandang uмага po.

Hindi ko po alam kung paano tatawid.

Puwede n'yo po ba akong tulungan?

Pagbasa:

1. Tatabi ako.
 2. Huminto kayo.
 3. Doon ang daan.
lyon ang daan.
 4. Saan kayo dapat tumawid?
 5. Tawid na tayo.
Masaya
Natutuwa
1. Kaskaserong Dyip
Jose Francisco
Joemer Rico
 2. Dyip na mabilis tumakbo
Dyip na hindi sumusunod sa babala sa daan

Pag-angkla:

1. po
2. po
3. opo

Aralin 3: MGA TANONG NG GUWARDIYA

Genre/Akdang Pampanitikan: Dyalogo

Kultura: Pagiging Tapat at Hindi Mayabang

Bilang ng Sesyon: 2

I. Abot-tanaw

1. Mabasa ang kambal-katinig
2. Mabasa ang diptonggo
3. Maipakilala ang sarili nang may katapatan

Mahalagang Tanong:

Bakit dapat isaalang-alang ang tamang paraan ng pagpapakilala sa sarili?

Mahalagang Pag-unawa:

Ang batang Pilipino, tapat at totoo

May tiwala sa sarili, pero hindi mapagmalaki.

II. Balik-tanaw

1. Ipapanood ang unang bahagi ng *video* #1: Si Ate Valerie. Tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa mga impormasyong napanood.
 - Ano ang pangalan ng nagpakilala?
 - Ilang taon na siya?
 - Ano ang ilan sa kanyang mga katangian?
Kung may mga impormasyong hindi nakuha ang mga mag-aaral, ulitin ang pagpapanood ng *video*.
2. Ipapanood ang ikalawang bahagi ng *video* #1: Si ate Valerie sa buong klase. Hayaang sumagot nang sabay-sabay ang mga mag-aaral sa bawat tanong ni Ate Valerie. I-pause ang *video* kung kinakailangan ng mga mag-aaral ng mas mahabang oras para makasagot.
3. Tumawag ng ilang mag-aaral na sasagot nang indibidwal sa mga tanong ni Ate Valerie.

III. Pagtanaw

1. Maghanda ng mga larawan ng bawat tauhan ng akdang babasahin. Maaari ring gumamit ng *puppet* para sa pagkukuwento ng akdang ito. Pahawakan sa isang mag-aaral ang bawat larawan. Sabihan ang mag-aaral na itataas at ipakikita sa klase ang larawan ng tamang tauhan habang binabasa nang may angkop na damdamin ang linya ng tauhang ito.
2. Mas magiging epektibo rin ang pagkukuwento kung ilalagay sa *background* ang tagpuan ng kuwento. Maaaring gumamit ng *slide presentation* para rito.

IV. Baybayan

1. Basahin ang mga tanong ng guwardiya at ang mga sagot ni Rollie sa mga tanong na ito. Tiyakin na angkop ang lakas at bagal ng pagbabasa ng pangungusap para maulit ang mga ito ng mga mag-aaral. Huminto pagkabasa ng tanong ng guwardiya. Ipaulit ang binasang tanong sa mga mag-aaral. Tapusin ang pagbabasa ng mga tanong at sagot na sinusundan ng mga mag-aaral.
2. Basahing muli, kasabay ng mga mag-aaral, ang mga tanong ng guwardya at sagot ni Rollie sa mga tanong. Bigyang diin sa pagkakataong ito ang pagbabasa ng mga salitang may guhit. Isulat sa pisara ang mga salita kapag nabanggit ito.
3. Itanong pagkatapos kung ano ang pagkakaintindi ng mga mag-aaral sa mga salitang isinulat sa pisara.

V. Pagpalaot

Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa akda.

Mga bagay na dapat bigyang pansin sa talakayan:

- Tiyakin na nalalaman ng mga mag-aaral ang mga

Pagganap:

Puno ng Paborito

- Presentasyon tungkol sa mga paborito

Mga Batayang

Kasanayan:

Gramatika:

Kambal-katinig diptonggo

Pakikinig:

Nakaguguhit batay sa napakinggang impormasyon

Pagsasalita:

Nakapag-uulat batay sa napakinggang impormasyon

Pagbasa:

Natutukoy ang ugnayang salitang larawan

Pagsulat:

Nakasusulat nang may tamang laki at layo sa isa't isa ang mga letra

Nakasusulat ng malalaki at maliliit na letra

Nakakasulat ng mga letra na may tamang porma



Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Learning Evidences** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Ika-21 Siglong

Kasanayan:

1. Kritikal na pag-iisip
2. Kolaborasyon at komunikasyon
3. Kakayahang magbigay ng solusyon sa problema
4. Pagiging malikhain
5. Malinaw na pagpapahayag

impormasyon tungkol sa kanilang sarili.

- Dapat naiintindihan ng mga mag-aaral kung ano ang negatibong maaaring mangyari kung hindi nila nalalaman ang mga impormasyong tungkol sa kanilang sarili.

Hatiin ang klase sa tatlong grupo. Itakda ang mga bahagi ng akda sa bawat grupo. Bigyan ang bawat grupo ng sapat na panahon para paghandaang isadula ang bahaging napunta sa kanila.

Isagawa ang pagsasadula.

VI. Lambat-wika

Gramatika: Pagtukoy at pagbigkas sa kambal-katinig at diptonggo

1. Maghanda ng halimbawa ng mga salitang may kambal-katinig at diptonggo.

Hatiin sa grupo ang klase. Ipakita ang mga salitang inihanda sa mga mag-aaral. Magkaroon ng paligsahan ang bawat grupo sa pagbasa ng mga salita.

Sabihin sa mga mag-aaral na maaari silang magtulungan para mabasa nang tama ng grupo nila ang mga salita. Tulungan din ang mga mag-aaral sa pagbasa at tamang pagbigkas ng mga salita. Ang grupong pinakamaraming mababasang salita ang mananalo sa laro.

2. Ipalitan ang kung ano ang kambal-katinig at diptonggo.
3. Pasagutan sa mga mag-aaral ang gawain sa batayang aklat. Pagkatapos ay ipabasa nang malakas sa mga mag-aaral ang mga salita. Tulungan ang mga mag-aaral sa tamang pagbigkas ng mga salita.

Pakikinig: Pagguhit ng napakinggang impormasyon

Papiliin ang bawat mag-aaral ng kapareha. Sabihin sa mga mag-aaral na piliin nila ang kaklaseng mas gusto pa nilang makilala. Maaari ring italaga ang kapareha ng bawat mag-aaral.

Bigyan ng panahon ng grupo ang magkaparehang mag-aaral na mag-usap at magkakilala pa. Ipaalala ang mga impormasyon tungkol sa sarili na dapat alam ng mga mag-aaral. Sabihin din na mas makabubuti kung magdadagdag pa ng ibang impormasyong ibabahagi sa kanilang kapareha ang mga mag-aaral.

Ipaguhit sa mga mag-aaral ang kanilang kapareha ayon sa mga impormasyong ibinahagi nito. Ipagamit ang espasyo sa batayang aklat. Magbigay ng ilang karagdagang bagay na puwedeng iguhit, katulad ng:

- Hitsura (haba ng buhok, kasuotan, tangkad, taba, at iba pa)
- Paboritong kulay (maaaring ikulay sa damit ng iguhit nila)
- Paboritong pagkain o laruan

Mga Kailangang Kagamitan:

1. Larawan
2. Pangkulay/Lapis
3. *Animation/video*
4. *Slide presentation*



Mayroong instruksiyonal na materyal tungkol sa **Acquisition Strategies** na matatagpuan sa **Technology Enhancement CD**

Pagsasalita: Pag-ulat ng napakinggan

Isa-isang tawagin ang mga mag-aaral upang ipakilala sa kanya at sa iba pang kaklase ang naging kapareha nila sa sinundang gawain. Ipaalala sa mga mag-aaral ang mga impormasyong dapat ibahagi kapag nagpapakilala

Pagbasa: Pagtukoy sa ugnayang salita-larawan

Ipaalala muna sa mga mag-aaral ang kuwento ni Rollie. Pagkatapos ay sabihing sasagutan ng klase nang sabay-sabay ang gawain.

Basahin ang sitwasyon. Tukuyin ng mga mag-aaral ang damdamin ni Rollie sa mga nasabing sitwasyon. Tulungan ang mga mag-aaral na basahin ang salitang katumbas ng damdamin.

Pagsulat: Pagsulat ng mga letra na may tamang porma

Maghanda ng mga pangalan ng mag-aaral na nagsisimula sa mga letrang Dd, Bb, Pp, at Rr. Maaaring gumamit ng buong pangalan, palayaw, katawagan, o pangalan ng kapamilya ng mag-aaral.

Sabihin sa mga mag-aaral na isulat ang unang letra ng pangngalang sasabihin niya. Bigyang pansin ang tamang paraan ng pagsusulat ng mga mag-aaral ng letrang may tuwid at kurbang linya.

Pag-angkla:

Bigyan ang mag-aaral ng sapat na oras para sagutan ang gawain.

Maghanda ng iba pang salitang may kambal-katinig at diptonggo. Pumili ng isa sa sumusunod na gawain para sa mga mag-aaral na nagkamali ng sagot sa pag-angkla:

1. Hatiin ang mga mag-aaral sa maliliit na grupo. Mag-paunahan ang bawat grupo na pagsama-samahin ang mga salitang may kambal-katinig at mga salitang may diptonggo. Kailangang mabasa nila ang mga salita.
2. Tumawag ng mga mag-aaral na babasa ng mga salita. Kailangan nilang masabi kung may kambal-katinig o diptonggo ang binasang salita.
3. Iba pang kaparehong gawain

VII. Lambat-panitik

Tanungin ang mga mag-aaral kung anong uri ng panitikan ang akdang binasa. Kung hindi ito masagot, ipaalala sa mga mag-aaral ang diyalogong “Babala sa Daan.” Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang pagkakapareho ng dalawang akda. Sabihing ang “Mga Tanong ng Guwardiya” ay isa ring diyologo.

VIII. Baybay-kultura

Basahin nang sabay-sabay ng buong klase ang sinasabi ng bata sa batayang aklat. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang ibig sabihin ng tapat at mapagmalaki.

Ipatapos sa mga mag-aaral ang putol sa pangungusap sa kaparehong pahina. Tumawag ng ilang mag-aaral para ibahagi ang kanilang sagot.

IX. Lambat-likha

1. Hatiin ang klase sa apat na grupo. Bawat grupo ay papipilahin nang magkakasunod. Tiyakin na magkakapareho ang bilang ng miyembro ng bawat grupo. Bawat miyembro ng grupo ay sasagot sa isa sa mga tanong. Ang kanilang sagot ay iguguhit sa pisara. Ang unang makatapos gumuhit ng tamang larawan ang bibigyan ng puntos.

Itanong ang sumusunod:


- Ano ang paborito mong pagkain?
- Ano ang paborito mong laruan?
- Ano ang paborito mong prutas?
- Ano ang paborito mong suotin?
- Anong lugar ang paborito mong puntahan?
- Ano ang paborito mong hayop?
- Ano ang paborito mong libangan?
- Ano ang paborito mong palabas sa telebisyon?

Magdagdag pa ayon sa pangangailangan.

Pagkatapos ng laro, ipaliwanag sa mga mag-aaral kung bakit mahalaga na alam nila ang kanilang mga gusto at paborito.

2. Ipagawa ang gawain sa batayang aklat. Hayaang pumili ang mag-aaral kung alin sa dalawang gawain ang gusto niyang gawin. Paghandain ang bawat isa sa pagbabahagi ng kanilang paborito sa susunod na pagkikita.

Sabihin sa mga mag-aaral na graduhan ang kanilang ginawa.



X. Baybay-nilay

Basahin ang mga impormasyon sa unang *column* ng talahanayan sa batayang aklat. Pagkatapos mabasa ang isang impormasyon, bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na isipin kung dapat ba o hindi nila ito dapat isama sa pagpapakilala ng kanilang sarili.

Pagproseso:

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na tamang maging matapat sila sa pagpapakilala ng kanilang sarili. Pero may mga impormasyon

ding bagaman totoo ay hindi na dapat pang sabihin dahil mayabang ang dating nito sa kulturang Pilipino.

XI. Pagdaong

Tulongan sa pagbasa ng mga tanong ang mga mag-aaral. Pagkatapos basahin ang bawat tanong, bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral para sagutin ang tanong. Bigyan din sila ng sapat na oras para makulayan ang batang tumutugon sa kanilang sagot. Saka magpatuloy sa susunod na tanong.

Para sa mga mag-aaral na sumagot ng hindi po sa una at ikalawang tanong:

Pahanapin sila ng mga kamag-aral na hindi pa gaanong nakakakilala sa kanila. Atasan silang ipakilala ang kanilang mga sarili sa kamag-aral na kanilang napili. Ipaalala ang mga dapat at hindi dapat gawin sa pagpapakilala ng sarili.

Para sa mga mag-aaral na sumagot ng hindi po sa pangatlo at pang-apat na tanong, magbigay ang guro ng karagdagang gawain tungkol sa kambal-katinig at diptonggo.

Mga Sagot sa Pagsasanay

Baybayan:

Mga maaaring sagot:

1. Pangalan
 - Itinatawag sa akin
 - Tawag ko sa sarili ko
2. Apelyido
 - Karugtong ng pangalan ko
 - Buong pangalan
 - Pangalan at apelyido ko
3. Taon
 - Kung gaano na ako katanda/kabata
4. Magulang
 - Nanay at tatay
5. Tirahan
 - Kung nasaan ang bahay namin
 - Lugar namin

Pagpalaot:

1. Mga posibleng sagot:
Pagkawala ni Rollie
Kakayahan (o hindi kakayahan) ni Rollie na ipakilala ang kanyang sarili
2. Pangalan
Apelyido

Buong pangalan
Pangalan ng mga magulang
Edad/Taon
Tirahan
Paaralan

Gramatika:

1. TRABAHO
2. GLOBO
3. SIS(IW)
4. NAN(AY)
5. TAT(AY)
6. BAH(AY)

Pagbasa:

1. Masaya
2. Namangha
3. Natakot
4. Nalilito
5. Nahihya

Aralin 4: SI PULANG WALANG PAKISAMA

Genre/Akdang Pampanitikan: Kuwento

Kultura: Pakikisama

Bilang ng Sesyon: 3

I. Abot-tanaw

1. Magawang kilalanin ang guro at mga bagong kaklase
2. Makabasa ng pantig
3. Makapagpantig ng salita
4. Makilala ang kuwento bilang akdang pampanitikan

II. Balik-tanaw

Maghanda ng isang *video* ng isang taong mayabang na nagpapakilala. Maaari ring na lang ang magbigay ng halimbawa ng mayabang na pagpapakilala.

Tanungin kung ano ang masasabi ng mga mag-aaral sa nagpakilala.

Pasagutan ang gawain sa batayang aklat.

Pagproseso:

Muling ipaalala sa mga mag-aaral na tamang maging tapat sa pagpapakilala ng sarili, ibig sabihin, tamang ibahagi ang mga makatotohanang impormasyon. Pero dapat maging malay din ang sinoman sa kultura ng mga bagong kakilala o grupo ng taong kausap. Sa kulturang Pilipino, may mga impormasyong

Mahalagang Tanong:

Paano mo mapahahalagahan ang bago mong kakilala?

Mahalagang Pag-unawa:

Mahalagang kilalanin ang iyong mga kasama.

Ito ay pagpapakitang pinahahalagahan mo sila.

Pagganap:

Ayusan ang Kaibigan



Mayroong Instrukiyonal na Materyal tungkol sa Learning Objectives na matatagpuan sa Technology Enhancement CD

– Pag-alam sa katangian ng mga kaibigan

Mga Batayang Kasanayan:

Gramatika:

Pagpapantig

bagaman totoo ay hindi na dapat sabihin dahil nagpapakita ito ng kayabangan.

III. Pagtanaw

layos ang klase na nakabilog ang mga upuan ng mga mag-aaral paharap sa gitna. Ilagay ang upuan sa gitna ng nakapalibot na upuan ng mga mag-aaral.

Basahin sa klase ang kuwentong “Si Pulang Walang Pakisama.”

IV. Baybayan

Panatilihin ang pagkakaayos ng mga upuan ng mag-aaral. Sumama na rin sa bilog.

Pasagutan ang gawain sa mga mag-aaral ayon sa pagkakaintindi nila rito. Pagkatapos ay ipaakto/ipasadula sa mga mag-aaral ang kahulugan ng bawat salita. Itama ang pagpapakahulugan ng mga mag-aaral kung kinakailangan.

V. Pagpalaot

Ipatukoy sa mga mag-aaral ang ilan sa mga ugali ni Pula na ipinakita sa kuwento. Tumawag ng mga mag-aaral na magsasadula kung paano ipinakita ni Pula ang katangiang tinukoy. Itanong sa mga mag-aaral kung maganda o hindi ang katangiang tinukoy.

Magkaroon ng malayang talakayan tungkol dito. Bigyang tuon ang mabuting pakikisama bilang magandang katangian at kultura ng mga Pilipino.

Pasagutan sa mga mag-aaral ang gawain sa batayang aklat.

Pagproseso ng gawain:

Ikumpara ang dalawang magkatapat na katangian sa *maze*. Ipalawanag sa mga mag-aaral kung bakit hindi dapat tularan ang mga katangian sa nagdadala sa *dead end* na bahagi ng *maze* at kung bakit naman dapat isabuhay ang mga katangiang nasa tamang bahagi ng *maze*.

VI. Lambat-wika

Gramatika: Pagpantig ng mga salita

Maghanda ng mga salitang nakasulat sa *cartolina* na papantig. Idikit nang magkakahiwalay ang mga pantig sa pisara. Ipabasa nang *random* ang magkakahiwalay na pantig sa mga mag-aaral. Kapag nakatitiyak na nababasa na ng mga mag-aaral ang mga pantig, magpaligsahan sa pagbuo ng mga salita ang mga mag-aaral gamit ang magkakahiwalay na pantig. Kung hindi pa kayang gumawa ng mga mag-aaral ng sariling salita, magbigay ng salita pagkatapos ay ipahanap sa mga mag-aaral ang pantig na kanyang sinasabi.

Magkaroon ng *lecture* tungkol sa pantig.

Pasagutan ang gawain sa mga mag-aaral.

Pakikinig: Pagsunod sa panuto

Balikan muna ang nangyari kay Pula sa kuwentong “Si Pulang Walang Pakisama.” Tanungin ang mga mag-aaral

Pakikinig:

Nakasusunod sa panuto

Pagsasalita:

Nakapagbibigay ng mga panuto

Pagbasa:

Natutukoy ang mga salitang naiiba gamit ang pantig

Pagsulat:

Pagsulat ng mga salitang may dalawang pantig

Ika-21 Siglong

Kasanayan:

1. Kritikal na pag-iisip
2. Kolaborasyon at komunikasyon
3. Pagiging malikhain
4. Malinaw na pagpapahayag
5. Pakikipagtulungan sa iba
6. Pagkilala sa mga mensaheng biswal
7. Kakayahang maghanap at gumamit ng impormasyon
8. Kakayahang umunawa at gumamit ng midya



9. Paggamit ng makabagong teknolohiya

Mga Kailangang

Kagamitan:

1. Larawan
2. Kartolina
3. Panulat/Market pen
4. Pangkulan
5. Pandikit

kung gusto nilang matulad kay Pula na hindi na makabalik sa sariling bahay. Asahang “hindi” ang isasagot ng mga mag-aaral.

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na sadyang may mga tuntunin at panuto na sinusunod ang bawat lipunan/lugar. At sinumang nakatira sa lugar na iyon ay dapat sumunod sa mga panuto at tuntunin para hindi mapaalis. Tanungin ang mga mag-aaral kung kaya na nilang sumunod sa mga panuto. Magbigay ng halimbawa ng panuto kung hindi kaagad makasagot ang mga mag-aaral (itapon ang basura sa basurahan; magmano sa matatanda; ibahagi ang laruan sa ibang bata). Hintaying sumagot ang mga mag-aaral kung kaya na nilang sumunod sa panuto o hindi. Saka lamang i-*introduce* ang laro.

Sabihin sa mga mag-aaral na tatawagin niya nang isa isa ang mga ito. Sasabihin niya ang panuto o gusto niyang ipagawa sa bawat mag-aaral. Kailangan niyang gawin ang sasabihin sa kanya. Hindi niya pupuwedeng sabihin sa ibang kaklase ang panutong sinabi sa kanya.

Mga panutong maaaring ipagawa sa mag-aaral:

1. Isulat ang pangalan mo sa pisara.
2. Isulat ang pangalan ng kaklaseng pinakamalapit sa iyo sa pisara.
3. Maupo sa pinakahuling upuan habang pinanonood ang ginagawa ng ibang kaklase.
4. Kausapin ang ilang kaklase para isadula ang pinakagustong bahagi ng kuwentong binasa.
5. Ayusin ang mga libro sa likod.

Pagsasalita: Pagbibigay ng panuto

Sabihin sa mag-aaral na natapos nang gumawa ng panutong ibinigay sa kanya na ibulong ang kaparehong panuto sa isa sa kanyang mapipiling kaklase.

Importanteng punto na dapat bigyan ng pansin:

- Naintindihan ng unang mag-aaral ang panutong ibinigay sa kanya ng guro. Mapapatunayan ito kung naisagawa ng mag-aaral nang tama ang sinundang gawain.
- Naipasa nang maayos ng unang mag-aaral ang panuto sa susunod na mag-aaral.
- Tamang pagbibigay ng panuto. Mapatutunayan ito kung maisasagawa ng pangalawang mag-aaral nang tama ang gawain. Kung magkakamali ang pangalawang mag-aaral, bigyan ng pana-

6. Mga larawan

7. *Slide presentation*

hon na mag-usap ang dalawang bata. Ipatukoy sa kanila kung saan sila nagkamali.

Pagbasa:

Pagtukoy sa salitang naiiba gamit ang pantig

Ipabasa sa mga mag-aaral nang tahimik ang mga salita sa batayang aklat. Ipatukoy sa kanila ang naiibang salita sa bawat bilang. Tumawag ng ilang mag-aaral na magpapaliwanag ng kanilang sagot.

Pagproseso:

Naiiba ang isa sa tatlong salita dahil sa bilang ng pantig nito. Maaaring may nawawalang pantig dito na mayroon sa dalawa pang salita sa grupo, o may karagdagang pantig dito na wala sa dalawang salitang kasama sa grupo.

Pagbilang ng pantig sa salita

Bilang karagdagang gawain sa pagpapantig, pasagutan ang susunod na gawain.

Pagsulat:

Pagsulat ng salitang may dalawang pantig

Maghanda ng mga salitang may dalawang pantig at gumagamit ng mga letrang may palihis na guhit. Maaari na ring gamitin ang mga halimbawang salita sa *worktext*. Idikta ang mga salita nang papantig. Siguruhing sapat ang bagal ng pagbabasa/pagsasabi ng salita para mapag-isipan at maisulat ng mga mag-aaral ang tunog ng bawat pantig.

Bigyang pansin:

- Kakayahan ng mga mag-aaral na maisulat ang tunog ng mga pantig
- Pagsulat ng mga letrang may mga palihis na linya nang may tamang porma

Pag-angkla:

Bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral para sagutin ang gawain. Ipabahagi sa mga mag-aaral ang kanilang sagot. Bigyang pansin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapantig.

Kung hindi pa nakapagpapantig nang tama ang ilang mag-aaral, ulitin ang pagpapaliwanag tungkol sa pantig. Pagkatapos ay ipatukoy muli ang iba pang pangngalan sa loob ng silid-aralan. Ipapantig ang mga ito. Bigyang-pansin ang kakayahang magpantig ng mga mag-aaral sa pagtatapos ng gawain.

VII. Lambat-panitik

Magkaroon ng malayang tanungan ang klase tungkol sa pagkakapareho at pagkakaiba ng tekstong “Si Pulang Walang Pakisama” sa mga naunang tekstong binasa sa Baybayin 1. Matapos

isa-isahin ang mga pagkakaiba, tumuon sa pagkakapareho: lahat sila ay nagkukuwento ng isang pangyayari sa partikular na mga tauhan sa partikular na panahon.

Ipakilala sa mga mag-aaral ang kuwento bilang akdang pampanitikan.

Tumawag ng ilang mag-aaral na makapagbabahagi ng isang pangyayari o kuwento.

VIII. Baybay-kultura

Pagtukuyin ang mga mag-aaral ng isa hanggang dalawang bagong kakilala sa loob ng klase. Itanong sa kanila kung paano sila unang nagkuwentuhan ng bago nilang kakilala.

Mga maaaring itanong:

Nagkasundo ba sila kaagad?

Sino ang unang nagsalita?

Ano ang kanilang pinag-usapan?

Matagal ba silang nag-usap?

Ano pa ang ginawa nila nang magkasama?

Nakapaglaro ba sila kaagad?

Naging masaya ba sila?

Bigyang tuon ang kultura ng mabuting pakikisama ng mga Pilipino.

IX. Lambat-likha

Ayusan ang Kaibigan

Maglaro muna ng “*baby dress up*” sa klase. Maaaring buksan ito sa *computer* at gumamit ng *projector* para makita ng buong klase. Maaari namang gumamit ng mga larawang iginuhit o ginupit at laruin ito katulad ng larong “*baby dress up*.”

Matapos ang paglalaro, tulungan ang mga mag-aaral na unawain ang panuto para sa lambat-likha.

Itakda ang kapareha ng bawat mag-aaral. Maaari ring papiliin sila ng sarili nilang kapareha. Siguruhin lamang na may kapareha ang bawat mag-aaral. Bigyan ng panahong mag-usap-usap ang mga mag-aaral at ang kapareha nila. Sabihin sa kanila na dapat nilang alamin ang mga paborito ng kanilang kapareha. Pagkatapos ay gawin nila ang ilustrasyon ayon sa kanilang nalaman mula sa kapareha nila. Sabihin sa mga mag-aaral na ipakikita nila sa kanilang kapareha ang matatapos nilang ilustrasyon.

Pabigyan ng grado sa mga mag-aaral ang kanilang ginawa gamit ang *rubric*.

X. Baybay-nilay

Itanong sa mga mag-aaral kung sino sa mga kaklase nila ang itinuturing na nilang mga kaibigan. Itanong din sa kanila kung sino sa mga kaklase nila ang



Mayroong Instrukiyonal na
Materiyal Tungkol sa Learning
Evidences na Matatagpuan sa
Technology Enhancement CD

hindi pa nila masasabing kaibigan. Mula sa mga sinabi nilang hindi pa nila kaibigan, papiliin ang mga mag-aaral ng isang kaklase na gusto nilang maging kaibigan.

Ipabuo sa mga mag-aaral ang pangungusap sa batayang aklat.

Pagproseso:

Ipaliwanag sa mga mag-aaral na mahalagang makilala nila ang kanilang mga kaklase dahil sila ang makakasama nila sa araw-araw. Magiging masaya ang kanilang pag-aaral kung magiging magkakaibigan silang lahat. Ipaliwanag din sa mga mag-aaral na mas bigyang-pansin ang mga magagandang katangian ng mga bagong kakilala.

XI. Pagdaong

Pakulayan sa mga mag-aaral ang langgam sa ilustrasyon ayon sa natutuhan nila sa aralin.

Muling ipaalala ang kahalagahan ng mabuting pakikipagkaibigan sa mga batang nagkulay ng dalawang langgam sa una at ikalawang tanong. Maghanda naman ng karagdagang gawain sa pagpapantig para sa mga mag-aaral na isa o dalawang langgam lamang ang kinulayan sa huling tanong.

Mga Sagot sa Pagsasanay

Baybayan:

1. A
2. B
3. A

Pagpalaot:

1. c
2. b
- 3.

3. Makipagkaibigan



2. Makipagtulungan

Gramatika:

- | | |
|------------------|-------------|
| 1. I - BA | 1. Makisama |
| 2. LA - GI | |
| 3. PU - LA | |
| 4. BU - LONG | |
| 5. PAG - KA - IN | |

Pagbasa:

- | | | |
|------|----|---|
| 1. C | 1. | 2 |
| 2. B | 2. | 2 |
| 3. B | 3. | 2 |
| | 4. | 2 |
| | 5. | 3 |